ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LII Blg. 23
Disyembre 7, 2021
www.cpp.ph



EDITORYAL

# Magpunyagi sa mahirap na pakikibaka, ipagdiwang ang 53 taon ng Partido

Nananawagan ang Partido sa laksa-laksang kasapi nito, sa mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), mga aktibista at rebolusyonaryong masa sa lahat ng dako ng bansa at iba't ibang panig ng daigdig na ipagdiwang sa buwan na ito ang ika-53 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Ipagbunyi natin ang nakamit na mga tagumpay at humalaw ng mga aral mula sa mga kabiguan, habang ibayong magpapakatatag para harapin ang mga sakripisyo sa pagsusulong ng mahirap na pakikibaka para ipagtanggol ang kapakanan at interes ng mamamayan at isulong ang hangarin para palayain ang bayan mula sa imperyalismo at tiraniya.

Bakit ipagdiriwang ang anibersaryo ng Partido? Dahil ang Partido at ang pinamumunuan nitong demokratikong rebolusyong bayan ay kumakatawan sa pag-asa ng milyun-milyong Pilipino na sawang-sawa na sa bulok na naghaharing sistema na araw-araw nagdudulot ng pagdurusa at pasakit. Sa gitna ng madilim na tiraniya, ang rebolusyon ay tanglaw na nagbibigay-liwanag sa mga manggagawa at magsasaka, mga petiburges na intelektwal, kababaihan, mga guro, nars, karaniwang empleyado, mga drayber, ordinaryong propesyunal at mga may mababang kita, mga myembro ng komunidad ng LGBT+, mga walang hanapbuhay kapwa sa mga syudad at kanayunan, at iba pang inaapi't pinagsasamantalahang uri at sektor.

Binibigyang sigla sila ng Partido at ng programa nito para sa demokrasyang bayan at sosyalismo na mag-organisa, kumilos at makibaka para sa tunay na pagbabago—para baguhin ang halos dantaon nang malakolonyal at malapyudal na sistemang pinaghaharian ng mga imperyalista, malalaking burgesyang kumprador, malalaking panginoong maylupa at kanilang armadong mga maton. Sa Partido, buhay ang pag-asa ng bayan na ang ilang siglong paghahangad para sa pambansang kalayaan ay makakamit na sa wakas.

Ano ang ipagdiriwang sa anibersaryo ng Partido? Hindi tayo salat sa mga dapat ipagbunyi sa nalalapit na anibersaryo ng PKP. Ipagdiwang natin papaanong, mula sa iilang rebolusyonaryong proletaryado, lumakas at lumago ang Partido na may laksa-laksang kadre at kasaping malalim na nakaugat at namumuno sa milyun-milyong mamamayan.

Ipagdiwang natin ang pagtatatag ng Partido sa BHB, na nagsisilbing sandata ng masa laban sa pasistang terorismo ng naghaharing mga uri. Ipagdiwang natin ang pagkakalingaan ng masang magsasaka at ng hukbong bayan, at ang nakamit nilang malalaki at maliliit na tagumpay sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo sa nagdaang limang

dekada kasama ang Partido at BHB.

Ipagdiwang natin ang pagtatatag ng mga organo ng pampulitikang kapangyarihan, ang binhi ng kanilang bagong demokratikong gubyerno. Sa ilalim nito'y tuwirang isinasabuhay ang tunay na demokrasya, taliwas sa huwad na demokrasya ng reaksyunaryong pulitika at mga eleksyon, kung saan ang pandaraya, karahasan, salapi at panlilinlang ang siyang naghahari.

Ipagdiwang natin ang pagpupundar ng bagong sistemang pang-ekonomya sa pamamagitan ng pagpawi ng pyudal na pagsasamantala ng mga panginoong maylupa sa mga magsasaka at paggabay sa masa sa mga sistema ng pagtutulungan upang itaas ang produktibidad at kita. Ipagdiwang ang pangangalaga sa kalikasan laban sa mga mandarambong na pinarurusahan at pinalalayas. Ipagdiwang ang milyong nakinabang sa serbisyong pang-edukasyon, pangkalusugan at pang-ekonomya ng gubyernong bayan. Ipagdiwang natin ang mayamang rebolusyonaryong kultura na sumasalamin sa kanilang pambansa at demokratikong hangarin.

Ipagdiwang natin paanong sa gabay at inspirasyon ng Partido ay itinatag at itinatatag ang mga unyon, mga samahang magsasaka, mga konseho at grupong mag-aaral, at iba pang porma ng organisasyon upang ipaglaban at ipagtanggol ang interes ng mga api, para sa tunay na reporma sa lupa, mas mataas na sahod, katiyakan sa trabaho, karapatan sa pabahay, karapatan sa edukasyon, sa malayang pamamahayag, at iba pang batayang karapatang sibil, pampulitika at sosyo-ekonomiko.

Ngayong taon, ipagdiwang natin ang buong-giting na paglaban ng mamamayan sa pagdaluhong ng terorismo ng estado, kung paanong tumitindig sila para sa kanilang mga karapatan at kung paano sila nagpapamalas ng determinasyon sa harap ng brutal na mga pagpaslang at talamak na paglabag ng reaksyunaryong mga pwersa ng estado sa karapatang-tao.

Ipagdiwang natin paanong hanggang ngayon ay binibigo ng Partido at rebolusyon si Duterte at kanyang armadong mga alagad sa kanilang taun-taong deklarasyong dudurugin ang Partido at BHB. Nananatiling matatag, malakas at sumusulong ang Partido at ang armadong rebolusyon.

Ipagdiwang natin paanong patuloy na dumarami ang mga kadre ng Partido, mga Pulang mandirigma ng BHB, at mga aktibista ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Sa harap ng brutal na katotohanan ng tiraniya ni Duterte, natuto silang lumaban at sumanib sa demokratikong rebolusyong bayan.

Ipagdiwang natin ang pandaigdigang pagkakaisang proletaryado at anti-imperyalista—ang internasyunal na bigkis ng lahat ng pwersang lumalaban para sa pambansa at panlipunang paglaya. Isa lamang ang PKP at ang rebolusyong Pilipino sa napakaraming rebolusyonaryong kilusan sa iba't ibang dako ng mundo na lumalaban sa imperyalistang halimaw at lahat ng pwersang mapang-api at reaksyunaryo.

Saan-saan gaganapin ang mga pagdiriwang ng ika-53 anibersaryo ng Partido? Gaganapin ang mga pagdiriwang sa anibersaryo ng Partido saan man mayroong sangay ng Partido, yunit ng Partido at mga balangay ng rebolusyonaryong pangmasang organisasyon: sa mga pabrika, mga daungan, mga upisina at iba pang empresa, sa mga komunidad ng maralita, sa loob ng mga bahay, sa mga kampus, mga ospital, sa hanay ng mga komunidad ng Pilipino sa ibayong dagat, at siyempre pa, sa mga sonang gerilya at baseng purok sa mga komunidad sa kanayunan at mga kampo ng BHB sa mga kabundukan.

Idaos ang maliliit at malalaking pulong at asembliya. Tiyaking bulag at bingi ang kaaway sa mga palakpakan at hiyawan ng mamamayan. Biguin ang mga imbing pakana ni Duterte at ng AFP na pigilan ang pagdiriwang at mga pagtitipon na mga ito.

Sa Disyembre 26, tinatawagan ang lahat ng kadre at kasapi ng PKP na iladlad at itanghal ang ating pulang bandila, parangalan ang mga bayani at muling pagtibayin ang sumpa na paglilingkuran ang proletaryado at mamamayan, na gagawin ang kinakailangang mga sakripisyo, pangingibabawan ang lahat ng balakid, at isusulong ang demokratikong rebolusyong bayan hanggang sa tagumpay. AB


ANG Bayan

Tomo LII Blg. 23 | Disyembre 7, 2021

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

@cpp_angbayan

fb.com/editorsofAB

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal:** Magpunyagi sa mahirap na pakikibaka, ipagdiwang ang 53 taon ng Partido 1
Mga reyd, inilunsad ng BHB sa Negros 3
Sa ika-158 kaarawan ni Andres Bonifacio 3
Mga protesta 3
Perwisyong mga pasurender sa Sorsogon 4
Mga apo ng batas militar: #MarcosNoHero 5
Mga pasanin ng mga magsasaka ng tabako 6
₱66.45-milyong pondong tabako, kinulimbat 7
Teror sa ere, teror sa lupa 8
Kaso laban sa 17 aktibista, ibinasura 8
Protesta ng magbubukid ng Cagayan Valley 8
Sa madaling salita 9
Mga protesta sa buong mundo sa 2021 10



Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Magkasunod na reyd, inilunsad ng BHB sa Negros

Magkakasunod na taktikal na mga opensiba ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros sa nagdaang dalawang linggo. Kabilang dito ang dalawang reyd at dalawang operasyong haras.

Nireyd ng mga Pulang mandirigma ang *safehouse* ng militar sa Barangay Kalupaan, Guihulngan City, Negros Oriental noong Disyembre 4. Nakuha dito ang dalawang bakpak ng militar.

Ilang oras bago nito, nireyd ng isa pang yunit ng BHB ang himpilan ng mga pulis na nagbabantay sa iligal na pasugalan sa Sityo Makulos, Barangay Bulado sa parehong syudad. Nadakip sa operasyon ang isang babaeng pulis na kagyat ding pinakawalan matapos interogahin at makunan ng impormasyon. Ang ibang mga pulis ay nagsitakbuhan papunta sa kanilang istasyon sa takot.

Noong Disyembre 3, isang operasyong isnayp ang inilunsad ng parehong yunit laban sa detatsment ng CAFGU sa Barangay Guba, Vallehermoso. Isang sundalo ang napaslang.

Sa Negros Occidental, pinaputukan ng yunit ng BHB ang detatsment ng militar sa Sityo Mamballo, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla noong Nobyembre 21.

Sa Northern Samar, tinambangan ng BHB ang nag-ooperasyong tropa ng PNP-Special Action Force sa Barangay San Jose, Mapanas noong Nobymebre 20 ng umaga. Dalawang pulis ang namatay habang apat ang sugatan.

Bago nito, pinaputukan ng BHB ang tropa ng 20th IB sa pagitan ng Barangay San Miguel, Las Navas at Barangay Hinagonoyan, Catubig noong Nobyembre 17.

Bilang ganti, apat na beses na kinanyon ng militar ang mga lugar na pinangyarihan ng opensiba.

## Kabuhayan, Karapatan, Kalayaan!

Mahigit 5,000 aktibista ang nagtipon sa hangganan ng Quezon City at Maynila noong Nobyembre 30 para gunitain ang ika-158 taon ng kapanganakan ni Andres Bonifacio. Kasabay na sinaluduhan ng mga raliyista ang kabayanihan ng ordinaryong mamamayan na nagtatanggol sa kanilang mga karapatan at kagalingan.

Sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno, nanawagan silang ipamahagi na ang hinihinging ₱10,000 ayuda para sa bawat pamilya, ₱15,000 ayuda sa mga magsasaka at pagbibigay ng nakabubuhay na sahod. Anila, halos wala nang makain ang mga Pilipino dahil sa napakababang sahod sa panahong abot-langit ang presyo ng langis, pagkain at iba pang bilihin at serbisyo.

Panawagan din ng mga nagrali na dinggin ng mga kumakandidato sa eleksyong 2022 ang mga hinaing ng masang anakpawis at tumindig kasama nila.

Tinuligsa nila ang tambalang Marcos-Duterte na anila'y tiyak na magpapatindi sa mga paglabag sa karapatang-tao kung maupo sa poder.

Kasabay ng protesta, nagtipon din ang 200 aktibista sa Cebu at 100 sa Baguio. Nagkaroon din ng pagkilos sa mga syudad ng Davao, Bacolod, Iloilo at San Fernando (Pampanga). Mayroon din sa mga prubinsya ng Aklan, Capiz, Cavite, Rizal, Laguna at Batangas.

**Welga sa bodega ng Robinsons Handyman.** Nanalo noong Nobyembre 29 ang samahang manggagawa ng Robinsons Handyman matapos pumayag ang maneydsment ng kumpanya na itigil ang tanggalan at ibalik ang mga unyonistang tinanggal nito. Ikinasa ang welga sa bodega sa Marikina City noong Nobyembre 26 laban sa malawakang tanggalan. Higit 150 manggagawa ang lumahok dito.

**Benepisyo para sa kawaning kontraktwal.** Nagpiket ang mga kawani ng gubyerno na kasapi ng Kawani Laban sa Kontraktwalisasyon noong Nobyembre 19 sa harap ng upisina ng Department of Budget and Management (DBM) sa Maynila para manawagan ng ₱10,000 *gratuity pay* para sa lahat ng mga empleyadong kontraktwal at kaswal. Noon pang Oktubre nila isinumite ang kanilang apela sa Office of the President at DBM.

**Palayain ang mga bilanggong pulitikal.** Nagprotesta noong Disyembre 3 ang demokratikong mga grupo sa pangunguna ng Kapatid sa harap ng Quezon City Hall para ipanawagan ang pagsipa sa huwes na si Cecilyn Burgos-Villavert. Si Villavert ang pumirma sa mga *search warrant* na nagresulta sa pag-aresto at detensyon ng 76 na indibidwal sa nakalipas na ilang taon. Iginiit din sa rali ang agad na pagpapalaya sa 712 bilanggong pulitikal sa bansa (mahigit 400 inaresto sa panahon ng rehimeng Duterte).

**Iskemang "No vax, no work," ipinasususpinde.** Ipinasususpinde ng Kongreso ang anito'y iligal na iskemang "no vax, no work" na balak ipatupad ng IATF sa pamamagitan ng Resolution 148-B at 149. Ang rekomendasyon ay ipinaabot sa IATF noong Disyembre 1. Ito ay matapos ang piket ng mga manggagawa sa Maynila noong Nobyembre 29 at koordinadong mga pagkilos sa mga upisina at pabrika noong Nobyembre 27.

**Paniningil ng mga guro sa DepEd.** Sumugod ang mahigit 100 guro sa Department of Education (DepEd) sa Pasay City noong Nobyembre 26 para igiit na ibigay ang kanilang *overtime pay* para sa 77 araw at 25% *overtime premium*. Kaugnay nito, nagpiket ang mga guro ng ACT Region 7 sa upisina ng DepEd sa Cebu City bitbit ang panawagang aprubahan ang kanilang *collective negotiation agreement*. Naglunsad din ng mga pagtitipon ang mga unyon sa ilalim ng ACT sa kani-kanilang paaralan bilang pakikiisa sa kampanya.

# Ang perwisyong mga "pasurender" sa Sorsogon

Hindi makapamuhay nang tahimik ang ordinaryong mga sibilyan sa Sorsogon dahil sa paulit-ulit na "pagpasurender" sa kanila sa ilalim ng mga Retooled Community Support Program (RCSP) ng 31st IB, 22nd IB, 93rd Civil Military Operations (CMO) Company at mga pwersang pulis.

Kabilang sa pinakahuling biktima nito ang mga residente sa mga barangay ng San Jose at San Isidro sa bayan ng Bulusan, Barangay San Ramon sa Barcelona, at Barangay Bitan-o sa Sorsogon City. Nitong nakaraang mga buwan, binalik-balikan ang mga residente para sapilitang "ipasurender" ang inaakusahan nilang mga tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Isa si Manoy Rike sa mga biktima ng "pagpasurender" sa mga baryong ito. Nabubuhay siya sa "pagsabak" o pagpasan ng mga produkto sa bukid patungo sa tabing kalsada. Umaabot sa ₱500 ang kinikita niya mula rito, na siyang ipinanggagapang niya para maitawid sa kahirapan ang pamilya. Nang magpakana ang militar ng mga pagpapasurender, hindi lang ang halagang ito ang nawala sa kanya.

Batas ng mga sundalo ang pinaiiral sa mga baryong sakop ng RCSP, kaakibat ang talamak na pag-*red-tag*, pagbabanta, panggigipit at pananakot sa inaakusahan nitong mga tagasuporta ng armadong kilusan. Dalawang beses na ipinatawag ng militar si Manoy Rike para umano "linisin" ang pangalan. Ang bawat interogasyon kay Manoy Rike ay umabot ng anim na oras. Bukod pa ito sa patawag sa mismong araw ng "pagsurender." Sa kwentada niya, umabot sana ng ₱1,500-₱2,000 ang kinita niya kung hindi naperwisyo ng mga patawag.

Maliban dito, mahigit ₱3,500 ang nawawalang kita sa kanya sa panahon ng mga RCSP na mahigit isang linggo ang inilalagi sa baryo. "Hindi ko mabisita ang lupang kargo (inuupahan) ko dahil baka mapagtripan kung abutan akong mag-isa sa bukid. Hindi ko mapasabsab ang kalabaw at baka, ni simpleng bumisita sa ibang baryo," daing niya. "Kung hindi naman ako sumipot, pamilya ko ang pupuntahan at tatakutin."

"Kaya ang mga residente, hindi na lang umaalis ng bahay kapag may operasyon sa baryo," salaysay ni Manoy Rike. Araw-araw ang interogasyon ng RCSP sa baryo. Ang ibang residente ay hanggang tatlong beses kada araw ipinapatawag sa *barangay hall* o sa kampo ng militar. Pinapipirma sila sa mga dokumentong hindi malinaw kung para saan at kinukunan ng litrato. Rumururok ang kampanya ng intimidasyon sa muling pagpapatipon at "pagpapasumpa ng katapatan" sa estado at pagpapaamin na mga "tagasuporta" sila ng BHB. Ilang ulit nang nagreklamo ang mga biktima sa meyor ng Barcelona at sa iba pang lokal na upisyal. Ang mga kabataan sa Barangay Bitan-o ay nagreklamo ng panggigipit at pang-uudyok ng 93rd CMO sa mga residente na magparatang sa kanilang mga kapitbahay. Pero dahil nakubabawan na ng lokal na pormasyon ng National Task Force (NTF)-Elcac ni Duterte ang lokal na gubyerno, hindi nito natutulungan ang hinaing ng mga residente. Madalas pang kinasangkapan ng 93rd CMO ang lokal na midya upang maghugas-kamay.

Yamot na yamot na ang mga residente sa mga seremonya ng paulit-ulit na "pagpapasurender" na ilang buwan lamang ang pagitan. Halimbawa nito ang kaso ng 70 residente mula sa Sta. Cruz at San Ramon sa Barcelona na pinasurender noong Pebrero 2020. Muli silang tinipon noong Abril 8 sa sentrong bayan para manumpa ng katapatan at "magrali" laban sa BHB. Muli na naman silang "pinasurender" noong Nobyembre 19 kasabay sa aktibidad sa Barangay Bitan-o. May mga "sumurender" na sa huli'y ikinulong o di kaya'y pinaslang ng militar. Sila kalimitan ay tumanggi na mag-espiya sa kanilang mga kababaryo o kapamilya para sa militar at pulis. Sa datos ng BHB-Sorsogon, hindi bababa sa tatlong "sumurender" ang inaresto at isa ang pinaslang.

Bukod sa Barcelona at Sorsogon City, nakakasa rin ang pwersahang "pagpapasurender" sa ibang bahagi ng prubinsya. Sa Donsol, 17 sibilyan, kabilang ang tatlong upisyal ng barangay, ang "pinasurender"

*Sundan sa pahina 5*



# Sa mga apo ng batas militar, hindi bayani si Marcos

Nasa praktis ng basketbol si Andi, noo'y edad 15, nang ilibing si Ferdinand Marcos Sr. sa Libingan ng mga Bayani. "Nagulat ako," alala niya. "Di ba diktador siya? Bakit siya ililibing doon?"




Sumama siya nang niyaya siyang magrali. Nagpunta siya at kanyang mga kaklase sa Taft Avenue sa Maynila kung saan nagtipon ang iba pang estudyanteng tumugon sa panawagan. Doon, nailabas niya ang kanyang galit at mga siphayo. Doon din, naramdaman niya ang init ng pagsasama-sama. "Nakaka-*proud*," aniya, nang makita ang kanyang mga kaeswkela na kasama ang ibang mga estudyante sa lansangan.

Sa kabilang panig ng Metro Manila, 5,000 estudyante ang nagmartsa sa Katipunan Avenue sa Quezon City. Isa rito si Mar, noo'y 19, estudyante sa kalapit na unibersidad, na nahagip ng *barrage* sa kanyang kolehiyo. "Grabeng galit ang naramdaman ko," aniya.

Nanggalaiti rin si Red, noo'y 18, nang mabasa niya sa *social media* ang panakaw na paglilibing. Nabalitaan niya na may pagkilos sa Iloilo, kung nasaan siya, at doon siya sumama. "Sa panahon na iyon, alam ko na ang mga krimen ni Marcos. Pero iba ang pakiramdam na marinig ito sa rali, mula sa mga tagapagsalita ng iba't ibang sektor ng lipunan," aniya. "Ramdam ko ang galit ng mga tao sa naging desisyon ni (Rodrigo) Duterte."

Kahit nag-iisa, tumungo si Connie, noo'y 15, sa Libingan ng mga Bayani. "May dala akong plakard na pinunit kong pahina ng *notebook*," kwento niya. "Wala akong organisasyon noon. Sigaw lang ako ng sigaw."

Hindi lahat nailabas ang kanilang saloobin sa mga rali. "Umuwi akong umiiyak," pag-alala ni Eve, noo'y 14. Bilang pakikiisa, nagsuot siya ng itim, pinalitan ng itim ang kanyang *profile picture* at "nangalampag" sa mga kakilala. Kasabay ng daanlibong kabataan, ibinuhos niya ang lahat ng kanyang galit sa *social media*.

Sa maraming tulad ni Eve, binago ng araw na iyon hindi lamang ang pagbasa sa kasaysayan kundi ang paraan kung paano titingnan ang mga pangyayari sa lipunan.

**Pagtanggi sa katotohanan**

Mga apo na ng *martial law* ang henerasyon na nagmartsa laban sa paglilibing kay Marcos.

"Ibinato sa amin noon na wala kaming alam dahil mga bata pa kami at di namin inabot ang diktadura," ayon kay Andi. "Pero naalala ko ang sinabi ng Grade 9 titser ko na "sua fabula nostra fabula." Ang kasaysayan nila ay kasaysayan ko. Kahit hindi kami o ako nabuhay sa panahon ng *martial law*, kasaysayan ko ito at dapat may pakialam ako."

Sa tingin niya, hindi man direktang biktima ng *martial law* ang kanyang henerasyon, biktima ito ng pambabaluktot ng kasaysayan. "Binabago ang katotohanan para sa sariling pakinabang," aniya. "Hindi lang ito tungkol sa nakaraan, pero higit pa, tungkol ito sa kasalukuyan."

Ayon sa mga akademiko, hindi masama na irebisa ang kasaysayan kapag ito ay nagsisilbi sa integrasyon ng mga boses na dati'y nasa laylayan at nakabatay sa lehitimong mga ebidensyang istorikal. Pero kung ang pag-uusapan ay ang pagtanggi na libu-libo ang pinatay sa

*Sundan sa pahina 6*

---

*Mula sa pahina 4*

noong Oktubre. Sa Juban, dalawang beses nang "pinasurender" ang mga residente sa Barangay Calateo. Sa buong prubinsya mula Enero 2020-Agosto nitong taon, iniulat ng mga Sorsoganon na hindi bababa sa 97 barangay sa 10 bayan at syudad ang biniktima ng pekeng "pagpapasurender." Ang bilang na ito ay bahagi ng 113 barangay sa buong prubinsya na may mga kaso ng sapilitang "pagpasurender" mula pa noong 2018. Mayroon mang takot, sa huli'y galit pa rin ang nananaig kay Manoy Rike. "Sa kakaharas at kakaperwisyo sa amin ng militar, lalo nilang pinatutunayan na sila'y walang kwentang mga tao. Mga aso sila ni Duterte na walang pakialam sa aming mahihirap. Wala silang pakialam sa laki ng nawawalang kita sa amin pag andito sila. Paano ko babayaran ang hulugan na kabinet kung ilang araw akong di nakapagtrabaho?"

"Kaya ato man gihapon! Laban pa din! Kahit ilang beses pa silang magpasumpa dito, hindi nila makukuha ang loob ng mga tao," tindig ni Manoy Rike. AB

# Mabigat na pasanin ng mga magsasaka ng tabako

Sa nakaraang 11 taon, panawagan ng mga magsasaka ng tabako na itaas tungong ₱128 kada kilo ang presyo ng kanilang mga produkto. Sa kasalukuyan, nasa ₱72-₱87 kada kilo lamang ang presyo ng iba't ibang tipo nito. Ipinananawagan din nila na tanggalin ang mga klasipikasyon ng tabako na ginagamit para baratin ang presyo. Gayunpaman, sa Tobacco Tripartite Consultative Conference noong Nobyembre 10-11, muling nakipagsabwatan ang National Tobacco Administration (NTA) sa mga komersyante para pigilan ang makabuluhang pagtaas ng presyo ng tabako.

**Produksyon ng tabako sa Pilipinas (metriko tonelada)**

| 2016 | 2020 |
|---|---|
| 56,500 | 52,400 |

**Kabuuang ektarya ng mga taniman ng tabako**

| 2016 | 2020 |
|---|---|
| 32,501 | 28,008 |

*Pinagkunan: National Tobacco Administration, Philippine Statistics Authority*

**Bilang ng mga magsasaka ng tabako**

| 2013 | 2016 |
|---|---|
| 53,000 | 41,000 |



Pinalabas ng NTA na nagkasundo ang mga magsasaka at mga komersyante na itaas lamang nang ₱3-₱4 ang presyo ng iba't ibang klase ng tabako mula ₱69-₱84 kada kilo sa nakalipas na dalawang taon. Kulang na kulang ito para sustentuhan ang gastos sa produksyon ng mga magsasaka. Nakabatay ang ipinapanukalang ₱128 presyo sa kwenta sa gastos ng mga magsasaka.

Ang produksyon ng tabako ay nangangailangan ng malaking pondo at pagbabanat ng buto. Sa taya ng mga magsasaka at NTA noong 2019, umaabot sa ₱151,060 ang abereyds na gastos sa produksyon sa kada ektarya ng tabako. Malaking bahagi ng gastos ay napupunta sa mga kagamitan sa produksyon (₱62,631) at upa sa lupa (₱18,856). Mahigit anim na buwan ang iginu-

*Sundan sa pahina 7*

*Mula sa pahina 5*

ilalim ng batas militar, o milyun-milyon ang ninakaw sa kaban ng bayan, lantaran na itong kasinungalingan.

"Hindi nakatutulong," ayon sa isang edukador, "na hindi kumpletong itinuturo ang kasaysayan ng batas militar sa mga eskwelahan." Aniya, mayroong "selektibong pagkalimot" ang mga teksbuk ng Department of Education. Kabilang sa mga pinalalaganap mismo sa mga paaralan ang kasinungalingang dumanas ng "ginintuang mga taon" ang Pilipinas sa ilalim ng diktadura.

Sa panahon ng internet at *social media*, lalong naging lantaran ang mga pambabaluktot. Gamit ang bilyun-bilyong nakaw na yaman, ipinalalaganap dito ng pamilyang Marcos ang piling mga kaalaman na dumadakila sa diktador at umaatake sa sinumang nagsisiwalat sa katotohanan.

**Nagtatagal na aktibismo**

Limang taon matapos ang pagdedeklarang bayani kay Marcos, walang lubay ang kabataan sa paglaban sa mga kasinungalingang ito. Ang noo'y nagsisimula pa lamang mag-alam ay mga aktibista na ngayon.

"Mahalagang balikan natin ang kasaysayan para hindi na maulit ang mga pagkakamali sa nakaraan," ayon kay Red. "Alam na natin ang mga krimen ni Marcos. Obligasyon natin na pigilan ang pagbabalik nila (ng mga Marcos) sa poder at mga katulad nilang diktador, magnanakaw at pahirap sa mamamayan."

Ayon kay Andi, lalo itong kailangan laban sa mga banta ng panunumbalik ng mga Marcos at pagpapanatili ng mga Duterte sa poder sa darating na eleksyon. "Si Duterte ang may pananagutan sa pagpapalibing kay Marcos," aniya. "Noon pa man ay ipinakita na niya na gusto niyang maging Marcos. Noon pa man, alam na namin na kailangan naming kumilos para iwasan ng aming henerasyon na bumalik ang pamamalakad ni Marcos sa pamamagitan ni Duterte."

Ngayong todo-larga ang kampanya ng tambalang Marcos-Duterte para sa pagkapresidente at bise presidente ng bansa, "dobletrabaho ang kailangan," aniya.

"Ang mahalaga," sabi ni Red, "ay ang tuluy-tuloy na pag-aaral at pagiging kritikal. Nariyan ang mga materyal at rekurso tungkol sa diktadura. Nariyan din ang mga salaysay ng mga biktima ng batas militar."

Sa paglaban sa tiraniya, alam ni Andi, Red, Mar at Eve na malaki ang tungkulin ng kabataang aktibista. "Tungkulin namin na imulat, organisahin at pakilusin ang kapwa naming kabataan at ibang sektor," ayon kay Red. "Pwede naming gamitin ang aming boses sa pagboto sa eleksyon, sa mga protesta at paglaban ng iba't ibang sektor, at maging sa paglahok sa mas mataas na porma ng pakikibaka." AB

*Mula sa pahina 6*

gugol ng mga magsasaka sa produksyon, mula sa pagpupunla hanggang sa pag-aani at pagbebenta. Ayon sa pinakahuling taya ng NTA noong 2014, ₱63,281 lamang ang abereyds na netong kita kada ektarya ng tabako sa bawat siklo ng taniman.

Maliitan at hiwa-hiwalay ang lokal na produksyon ng tabako. Ayon sa Stop Exploitation-Ilocos, tinatayang 75% ng mga magsasaka ng tabako sa rehiyon ay walang sariling lupa. Nasa abereyds na sangkapat hanggang kalahating ektarya lamang ang pag-aari ng maliliit na magsasakang may lupa. Sa taya ng NTA, 65% ng nagtatanim nito ay nagbubungkal ng mas mababa sa isang ektarya. Mayorya ng mga sakahan (66%) ay matatagpuan sa Ilocos Region, sunod sa Cagayan Valley (19%).

Ang 55% ng produktong tabako sa bansa ay klaseng Virginia na pangunahing binibili ng kumpanyang Philip Morris and Fortune Tobacco Corporation (PMFTC) ni Lucio Tan. Kontrolado ng burges-kumprador na si Tan ang 70% ng merkado ng sigarilyo sa bansa. Mula 2017, ang NTA at maliliit na komersyante ang direktang bumibili at nagpapakontrata sa produksyon ng tabako sa Ilocos na kanilang ibinebenta sa PMFTC.

**Pagkalugi ng mga magsasaka**

Dahil sa kawalan ng suporta ng estado, maraming magsasaka ng tabako ang nalulugi at natutulak na magtanim ng ibang mga pananim. Pinaniniwalaang pangunahing salik ito sa pagbagsak ng produksyon ng tabako sa nagdaang mga taon at sa pagliit ng bilang ng mga magsasaka at kabuuang erya ng lupang nakatuon para rito.

Noong unang kwarto ng taon, lumaki ang pagkalugi at bumagsak ang produksyon ng tabako dulot ng pananalasa ng *tikag* o tagtuyot sa Ilocos Norte sa isang banda, at malalakas na ulan sa La Union at Ilocos Sur sa kabilang banda. Sa pananaliksik ng National Democratic Front-Ilocos Region (NDF-Ilocos), tinatayang 90% ng mga sakahan ng tabako ang nawasak sa Ilocos Sur at La Union. Sa datos ng NTA, umabot sa 1,132 ektarya ng mga taniman ng tabako ang nalubog sa baha at nasira. Umabot sa ₱81 milyon ang kabuuang halaga ng mga tabako na nawasak.

Sa Ilocos Sur, 453 ektarya ng mga taniman ng tabako ang nalubog sa baha. Nagkakahalaga ng ₱30 milyon ang nawasak na produkto. Ayon sa NDF-Ilocos, umabot sa ₱1.5-₱3 milyon ang lugi ng mga magsasaka. Sa La Union, halos 90% ng mga pananim na tabako ang nasira. Sa taya ng isang magsasaka na nagtanim ng 1,500 pirasong punla, umabot na lamang sa ₱2,000 ang kanyang kita na dapat sana ay ₱20,000.

Sa kaso ng isang magsasaka sa bayan ng Burgos, mahigit kalahati ng taniman niya ang nalubog at nawasak. Wala na siyang naipambayad sa ₱20,000 na inutang niya para sa siklo ng taniman. May naitala na ang NDF-Ilocos na mga kaso ng pagpapatiwakal ng mga magsasaka sa San Juan, Cabugao, Sinait at Vigan sa Ilocos Sur dahil ng pagkalugi.

**"Gintong" walang pakinabang**

Tinatawag na "berdeng ginto" ang tabako dahil sa malaking ambag nito sa ekonomya ng bansa. Mula Enero hanggang Hulyo, umabot na sa ₱83 bilyon ang nakulektang buwis ng estado mula sa buwis sa tabako. Noong nakaraang taon, tinatayang ₱18 bilyon nito ang inilaan sa mga lokal na gubyerno para sa produksyon ng tabako.

Umabot naman sa $433 milyon (₱21.7 bilyon) ang kinita ng rehimen sa pag-eeksport ng tabako noong nakaraang taon. Dagdag pa rito ang bilyun-bilyong piso na kinikita nito mula sa buwis ng PMFTC taun-taon. Gayunpaman, hindi ito nakaaabot sa kalakhan ng mga magsasaka.

Ayon sa mga magsasaka, tabako lamang ang pananim na mayroong tiyak na mapagkukunan ng puhunan at mapagbebentahan. Ginagamit din ng mga magsasaka bilang kolateral ang inaning tabako para makapangutang sa mga usurero para maitawid ang susunod na panahon ng taniman. AB

## ₱66.45-milyong pondong tabako, kinulimbat ni Imee Marcos

NALANTAD NOONG 2017 ang maanomalyang paggamit ni Imee Marcos, noo'y gubernador ng Ilocos Norte, sa ₱66.45-milyong subsidyo para sa mga magsasaka ng tabako sa prubinsya. Ang naturang pondo ay mula sa 15% buwis sa mga produktong tabako na ipinataw sa bisa ng Republic Act (RA) 7171. Imbes na gamitin para paunlarin ang produksyon ng tabako, inamin ni Marcos ang paggamit sa pondo para bumili ng mahigit 110 sasakyan. Natuklasan na labis ng ₱21.45 milyon ang presyo ng mga sasakyan.

Mula nang isabatas ang RA 7171, iginigiit na ng mga magsasaka na gamitin ang bilyun-bilyong pondo na nalilikom nito mula sa buwis sa tabako para direktang suportahan ang produksyon ng mga magsasaka. Kabilang sa kanilang panawagan ang irigasyon, libreng kagamitan sa pagsasaka, abono, makinarya, at iba pa. Iginigiit din nila na gamitin ito para sa ayuda sa mga panahon ng mga kalamidad at iba pang sakuna kagaya ng mga bagyo, baha, tagtuyot at krisis dulot ng pandemya.

## Teror sa ere, teror sa lupa

LIGALIG SA MAMAMAYAN ang idinulot ng mga bomba at operasyong militar ng mga armadong pwersa ng rehimeng Duterte nitong nagdaang dalawang linggo. Hindi bababa sa anim na barangay sa Iloilo, Sorsogon at Negros ang apektado ng panliligalig na ito.

Apat na bomba ang inihulog ng mga eroplanong pandigma ng militar sa Sityo Burak, Barangay Alimodias, Miag-ao, Iloilo noong umaga ng Disyembre 1. Ayon sa mga residente, nagising sila dakong alas-5 ng madaling araw. Ilang ulit ding kinanyon ng militar ang lugar. Apektado nito ang kabuhayan ng mga magsasakang hindi pa nakababangon sa sunud-sunod na sakuna sa nakaraang mga buwan.

Pinalabas ng militar na bago ang pambobomba, nakaengkwentro ng mga sundalo nito ang 70 mga Pulang mandirigma sa lugar. Walang naganap na gayong engkwentro, ayon sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa rehiyon. Isang maliit na yunit ang noo'y nasa lugar para tumulong sa produksyon ng mga magsasaka.

Sa Sorsogon, isang magsasaka ang inaresto habang apat na iba pa ang ginipit ng mga sundalo. Inaresto sa paratang na kasapi ng BHB si Edwin Hitosis, isang barangay tanod sa Trece Martirez, Casiguran, Sorsogon noong Disyembre 2. Ginipit naman sina Purisima Hapa at Rolly Estolas na parehong residente ng Barangay Sangat, Gubat noong Nobyembre 29. Sa Barcelona, pinaputukan pero hindi tinamaan ng mga sundalo si Kenneth Escullar sa Barangay Sta. Lourdes noong Nobyembre 28. Binugbog naman si Joey Escurrel sa Barangay Olandia noong Nobyembre 2.

Sa Negros Oriental, hinalihaw ng mga sundalo ng 62nd IB ang dalawang sityo ng Barangay Budlasan, Canlaon City noong Nobyembre 23 at 28. Iligal nilang pinasok ang mga bahay, ininteroga ang mga residente at ininspeksyon ang kanilang mga selpon at iba pang gamit. Binugbog at ninakawan din ng selpon si Rodel Montero, 18, habang papunta siya sa kanilang bukid.

Sa Guihulngan City, walang pakundangang nagpaputok ang mga sundalong nakakampo sa Sityo Kasingan, Barangay Trinidad sa kalagitnaan ng gabi noong Nobyembre 21.

Sa Bulacan, inaresto sina Joe-art Garrido Salvacion at Herbert Mendoza Rivera, mga lokal na lider-mangingisda sa Barangay Binuangan, Obando noong Nobyembre 25. Pinalalabas ng mga pulis na may nakumpiskang droga at baril sa dalawa.

Sa Surigao del Norte, inaresto ng pulis at militar si Anecito Patac noong Nobyembre 26 sa kanyang bahay sa Barangay Urbiztundo, Claver. Si Patac ay tagapangulo ng Adnama Mining Resources Inc Labor Union.

## Kaso laban sa 17 aktibista, ibinasura ng korte sa Agusan

IBINASURA NG KORTE sa Agusan del Sur ang gawa-gawang kaso laban sa 17 aktibista na isinampa sa kanila noong 2019. Noon pang Hunyo 10 inilabas ang desisyon subalit noong Disyembre 1 lamang ibinigay sa mga abugado ng mga akusado ang mga papeles kaugnay nito.

Ayon kay Judge Fernando Fudalan Jr., ang huwes na nagbasura sa mga kaso, mahigit isang taon na nakabimbin sa kanyang upisina ang kaso pero wala pang hakbang ang prosekusyon kaugnay dito.

Ipinawalambisa ng husgado ang ginamit na mga mandamyento de aresto dahil tanging mga "John Doe" ang nakalista rito at wala itong mga deskripsyon ng mga taong ipinaaaresto.

Ang 17 inakusahan ng *kidnapping*, pagnanakaw at *arson* ay mga kasapi ng Karapatan, Alliance of Concerned Teachers at Rural Missionaries of the Philippines, na nakabase sa Northern Mindanao.

Ang mga kaso sa kanila ay kolektibong tinaguriang "mga kasong Sibagat." Nagmula ang mga ito sa pagdawit sa kanila ng militar sa reyd ng BHB-Agusan del Sur sa isang detatsment ng CAFGU sa Barangay Tubigon, Sibagat noong Pebrero 19, 2019.

Noong Nobyembre 24, ibinasura rin ng korte ang gawa-gawang kaso ng *illegal possesion of firearms and explosives* na isinampa laban sa mag-asawang aktibista na dinakip sa Metro Manila noong 2019. Ipinawalambisa ng Manila Regional Trial Court Branch 19 ang mga kasong kinakaharap nina Cora Agovida, tagapagsalita ng Gabriela sa Metro Manila, at Michael Bartolome, organisador ng grupong Kadamay.

## Mga magbubukid ng Cagayan Valley, nagprotesta sa pambansang kabisera

INILUNSAD NG MGA magsasaka at progresibong grupo mula Cagayan Valley ang dalawang-araw na pangangalampag noong Nobyembre 23 at 24 sa pambansang kabisera para ipanawagan ang kagyat na pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal sa kanilang rehiyon at ipatigil ang panggigipit sa demokratikong mga grupo.

Sa loob ng dalawang araw, pinangunahan ng Danggayan Cagayan Valley ang mga programa sa harap ng Camp Aguinaldo, Senado, Department of Justice, Commission on Human Rights, at House of Representatives. Inilahad ng mga myembro nito at kanilang mga tagasuporta ang tunay na kalagayan ng mga magbubukid sa rehiyon na buong tapang na nakikibaka, sa kabila ng mahirap na kabuhayan at pagpapahirap pa ng pag-*red-tag*, panggigipit, militarisasyon, at pekeng pagpapasuko. Tinukoy ng grupo na salarin ang NTF-ELCAC na pinamumunuan mismo ni Duterte. Nagpasa rin sila ng mga dokumento at nagdaos ng mga dayalogo para sa aksyong-ligal laban sa maysalang mga pulis at sundalo.


## SA MADALING SALITA

# Omicron

Isang “kabaha-bahalang baryant” ng Covid-19

na **unang nadiskubre** ng mga **syentista ng South Africa** noong Nobyembre 24. Mayroon itong “mataas na bilang ng mga mutasyon” at maaaring muling makahawa sa mga dati nang nahawa.

***Pinagkunan:** World Health Organization*



# 93

***species* ng ibon sa Pilipinas ay nanganganib na tuluyang mawala**

dulot ng **pagkakalbo ng gubat** at ***climate change***. Ilan dito ang kalaw, agila at kwago. May kabuuang **594 *species*** ng ibon sa ating bansa.

***Pinagkunan:** Biological Correlates of Extinction Risk in Resident Philippine Avifauna*




# 82

**kada araw** ang **biktima** ng **paglabag** sa **karapatang-tao**

sa ilalim ng **rehimeng Duterte** mula Disyembre 1, 2020-Disyembre 1, 2021.

***Pinagkunan:** Ang Maruming Gera ni Duterte sa 2021, Ang Bayan, Disyembre 4, 2021*

# ₱3.7 bilyon



ang **ginastos ng ilang kandidato** para sa **eleksyong 2022**

mula **Enero hanggang Setyembre 2021** para magpatalastas sa telebsiyon, radyo, dyaryo at *billboard* **bago pa sila maghain ng mga sertipikasyon ng pagkakandidato**.

***Pinagkunan:** Philippine Center for Investigative Journalism*

# ₱32,000 + interes

ang **hindi binayaran** ni **Ferdinand Marcos Jr.**

bilang **multa** sa **kaso ng di pagbabayad ng buwis**, ayon sa mga rekord ng rehiyunal na korte na naghatol sa kanya noong 1995, at sa Court of Appeals na nagpatibay sa desisyon noong 1997.

***Pinagkunan:** Quezon City Regional Trial Court Branch 105*

# IDEVAW

o International Day for the Elimination of Violence against Women


(**Internasyunal na Araw para Wakasan ang Karahasan Laban sa mga Kababaihan**) ay inilulunsad kada Nobyembre 25 ng taon. Nakaugat ang kampanyang ito sa **pagpaslang** sa aktibistang magkakapatid na sina **Patria, Minerva at Maria Teresa Mirabal** sa Dominican Republic noong Nobyembre 25, 1960.

# Labanan sa Pasong Tirad

**labanan** sa pagitan ng mga **sundalong Pilipino** at **Amerikano** noong

# Disyembre 2, 1899

sa noon ay bayan ng Concepcion (Gregorio del Pilar ngayon) sa Ilocos Sur. Namatay sa labanan na ito si Gen. del Pilar sa edad na 24.



# 3,000

**tsinelas ang inihanay sa harap ng White House**

sa Washington D. C. ng mga tagapagtanggol ng karapatang-tao at aktibista sa US noong Nobyembre 20 bilang simbolo ng mga **pinatay ni Rodrigo Duterte** sa kanyang **huwad na gera kontra-droga**.

***Pinagkunan:** International Coalition for Human Rights in the Philippines*

# Mga protesta sa 2021: Para sa sahod, karapatan at kalayaan




Sa taong 2021, pangalawang taon sa ilalim ng pandemyang Covid-19, tuluy-tuloy ang mga pagkilos para sa sahod, karapatan at kalayaan na nilahukan ng laksa-laksang mamamayan. Nasustine ng mga magsasaka sa India ang kanilang protesta para ibasura ang kontra-magsasakang batas ng rehimeng Modi. Sa US, bumwelo ang kilusang welga para sa makatarungang sahod at mas maayos na kundisyon sa paggawa. Sa iba't ibang bansa sa Latin America, dumaluyong ang mga protesta laban sa mga patakarang neoliberal, tumitinding pasismo, korapsyon at palpak na tugon sa pandemya. Nagpursige ang mga kilusang demokratiko sa Palestine, Myanmar at Thailand.

**Welga para sa sahod**

Tumatak sa US ang kilusang welga ng mga manggagawa na tinaguriang Striketober. Lumahok dito ang 100,000 manggagawa mula sa iba't ibang unyon. Panawagan nila ang dagdag na sahod, mas makataong kondisyon sa pagggawa at pagkilala sa kanilang dignidad bilang mga tao. Noong Nobyembre, mga manggagawa naman ng Amazon ang nagprotesta para igiit ang makatarungang sahod, mga benepisyo at pagwawakas ng kontraktwalisasyon. Tinatayang may isang milyong manggagawa ang Amazon sa buong US.

Sa South Korea, nagkasa ng pambansang protesta ang Korean Confederation of Trade Unions noong Oktubre 20 laban sa kontraktwalisasyon at para sa dagdag na mga benepisyo.

Makataong kundisyon sa paggawa at ayuda sa gitna ng krisis sa ekonomya ang tampok na panawagan ng 25,000 manggagawa sa France noong Oktubre 5. May mga katulad na protesta din sa Indonesia, Uganda at South Africa.

**Mga kilusang anti-neoliberal**

Nasustine ng milyun-milyong magsasaka nang halos isang taon ang kanilang protesta laban sa tatlong neoliberal na batas sa agrikultura na anila'y lalong maglulubog sa kanila sa kahirapan. Mahigit isang milyon ang nagmartsa noong Nobyembre 2020 tungong kabisera ng bansa, at laksa-laksa ang nananatili sa mga kampong protesta hanggang sa ngayon. Noong Nobyembre 19, inanunsyo ng gubyernong Modi na ibabasura na ang tinututulang mga batas.

Nasustine rin ang mga protesta sa Chile na tinaguriang "Estallido Social" (Panlipunang Pagsambulat) para labanan ang mga patakarang neoliberal na naglulugmok sa ekonomya at pulitika ng bansa. Mayor sa kanilang mga iginiit ang pagbabago sa konstitusyon na lubos na pumapabor sa pribadong sektor at mga repormang panlipunan. Noong Oktubre, humugos sa lansangan ang libu-libong mamamayan bilang paggunita sa unang malaking protesta noong 2019 na nilahukan ng 1.2 milyon.

Sa Colombia, tinatayang 5 milyon ang lumahok sa mga protesta na nagsimula noong Abril para sa pagbabasura sa reporma sa buwis ng rehimeng Duque. Noong Mayo, napilitan ang gubyerno rito na iatras ang reporma.

Noong Oktubre 26, nanguna ang mga katutubo sa Ecuador sa panawagang “paro nacional” o pambansang pagsasara kasabay ng pagsirit ng presyo ng langis at bilang pagkundena sa mga patakaran sa ekonomya ng gubyernong Lasso.

**Nagpapatuloy na mga protesta**

Nagpatuloy sa taong 2021 ang mga protesta laban sa rasistang diskriminasyon sa US laban sa mga Itim. Noong Marso, bumwelo rin ang kilusan laban sa rasistang diskriminasyon sa Asian-American sa bansa.

Nagpapatuloy din ang paggigiit ng mga demokratikong kilusan laban sa tiraniya at panggigipit sa Thailand at Myanmar. Sa Sudan, libu-libo ang nagprotesta sa huntang militar na nagpatalsik sa halal na sibilyang gubyerno noong Oktubre.

Sa Cuba, dalawang beses (isa sa Hulyo at muli sa Nobyembre) na binigo ng mamamayang Cubano ang mga pagtatangka ng US na manggulo sa loob ng bansa sa pamamagitan ng pagpondo ng maliliit na grupong oportunista.

Malawakang tigil-paggawa ang ikinasa sa West Bank at Gaza sa Palestine at maging sa Israel bilang protesta sa okupasyon at pambobomba ng Israel sa Gaza.

Noong Nobyembre, libu-libong aktibistang nagtatanggol sa kalikasan ang nagtipon sa Scotland para tuligsain ang kawalan ng pandaigdigang aksyon upang pigilan ang *climate change*. Isinagawa ang protesta kasabay ng inilulunsad na kumperensya hinggil sa *climate change* o COP26 Summit ng United Nations. AB